Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes
www.mzbmp.org | facebook.com/mzbmp | www.sermonaudio.com/mzbmp
mobile: 09154948573 | Missionary Bill Hardecker

**Pamagat**: Ang Cristo ng Banal na Kasulatan

**Bible Text**: John 5:39 "Search the scriptures; for in them ye think ye have eternal life: and they are they which testify of me."

*Pagsasalin*: Sinasaliksik ninyo ang mga kasulatan sapagkat iniisip ninyo na sa mga iyon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at iyon ang nagpapatotoo tungkol sa akin.

**Panimula**:

1. Napaka importante na alamin natin kung sino si Jesu-Cristo. Sa 1 Cor. 15:3 "…si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa mga kasulatan."
2. Hindi natin maaunawaan ang ebanghelyo, kung hindi natin alam kung sino si Jesus – at maliban sa mga banal na kasulatan, wala tayong alam patungkol sa Kanya. Ang lahat ng ito ay napakahalaga. I sure hope you are interested in the gospel, in the Scriptures, in learning about Jesus Christ!
3. Ang pangalang Cristo ay titolo. Christ is Greek for the Hebrew word, Messiah. Ang ibig sabihin ng Messiah o Cristo ay pinili o itinalaga. Si Jesus ay ang Cristo, o siya ang itinalaga ng Dios Ama upang maging tagapagligtas ng mga makasalanang tao at magtaguyod ng kaharian ng Dios sa buong mundo.
4. Si Messiah o Cristo ang thema ng Lumang Tipan (Old Testament). Si Cristo ang itinakda ng Dios! Mula ng bumagsak ang sankatauhan dahil sa kasalanan ni Adan at ni Eba, paguusapan rin natin ito sa susunod, ang Dios ay gumawa ng paraan para maligtas ang lahat ng mga nagsisisi at sumasampalataya kay Cristo. Kaya dumating si Jesus (Lk. 19:10).

I. **Ang iba't-ibang mga prophesiya patungkol kay Jesu-Cristo ayon sa Banal na Kasulatan**

A. Ang prophesiya na siya ay isinilang sa Bethlehem. (Micah 5:2) – 700 years before Christ was born.

B. Ang prophesiya na siya ay isinilang ng isang birhen. (Isaiah 7:14) – 500 years before Christ was born.
- Ang pangalang Emmanuel ay nangangahulugang: "God with us." Si Cristo ay Dios na nag-katawang tao.
- Si Maria ang birhen ng Isa. 7:14 (tingnan ang Luke 1:26-38)

C. Ang prophesiya na si Cristo ay gagawa ng iba't-ibang mga milagro. (Isaiah 35:5-6) (Matt. 4:23)
- Sa v.6 "sa ilang bubukal ang tubig, at batis sa disyerto" ay magaganap sa Millennial Kingdom ng Panginoong Jesus.

D. Ang prophesiya na ipapako siya sa krus. (Psalm 22:14-16) 1,000 years before Christ was born. Wala pa ang Roman Empire, hindi pa ginagamit ang crucifixion! Nakasulat na ito sa pahina ng Banal na Kasulatan.

E. Ang prophesiya na isinusugal ang kasuotan ni Jesus habang siya ay pinapatay (Psalm 22:18) (Matt. 7:25)
- Ang aking mga damit ay kanilang pinaghati-hatian sa pamamagitan ng palabunutan (pagsugal).

F. Ang prophesiya na siya ay ikinukutya ng mga tao. (Psalm 22:6-8) (Matt. 27:39-44)

G. Ang prophesiya na siya ay ipinagmamasdan. (Psalm 22:17) (Matt. 27:36)

H. Ang prophesiya na ni isang buto sa Kanyang katawan ay hindi mababali (Ps. 22:17) (Jn. 19:31-33)

I. Ang prophesiya na siya ay magdurusa dahil sa kasalanan ng lahat (Isaiah 53:5-6).
- Maari akong maligtas sapagkat kinuha ni Jesus ang parusa para sa akin. Siya ang naging substitute ko.
- Napakadakila ang utang natin sa Dios. Pero Siya ang bumaba sa hukom at nagbayad ng utang natin sa batas at kabanalan ng Dios.

J. Ang prophesiya na ibuburol siya sa isang libingan ng mayaman (Isa. 53:9) (Jn. 19:38ff.)

K. Ang prophesiya na siya ay muling mabubuhay (Psalm 16:10)

II. **Ang Prophesiya sa Hinaharap** (Isa. 9:6-7). Parating na ang panahon na kung saan babalik si Jesus! Handa ka ba?

**Katapusan:** Ngayon na nakita natin sa banal na kasulatan ang tunay na Jesus, dapat tanggihan ang mga false-Christ, at tanggapin ang Cristo ng Biblia: Siya ay Dios, at anak ng Dios, nagkatawang-tao, namatay, inilibing, at muling nabuhay ayon sa banal na Kasulatan.